

1

Hindi napigilan ni Alexandria Ferrer ang mahikab nang magsimulang maghimutok ang daddy niya sa nabasang artikulo sa front page ng *Philippine Daily Inquirer*. Hindi na niya kailangang makinig sa patuloy na pagrereklamo nito. Alam na niya ang dahilan kung bakit para itong torong pinakitaan ng pulang bandera. Isang pangalan lang naman ang daig pa ang siling labuyo sa bilis na magpainit sa bumbunan ni Senator Teodoro ‘Ted’ Ferrer, at iyon ay sa mahigpit nitong kalaban sa pulitika, Senator Laura Manalo..

“Tingnan mo ang ambisyosang babae na ‘yan!” gigil na saad ng matanda habang padabog na ibinaba ang dyaryo sa kanyang tabi. Nakaupo siya sa bandang kanan nito sa dining table, ang siyang naging posisyon niya sa bahay nila at sa buhay ng ginoo mula nang mamatay ang kanyang ina sampung taon na ang nakalilipas. Sinulyapan niya ang headline at pilit na itinago ang ngiti. Nag-anunsyo ang senadora na tatakbo bilang presidente sa susunod na eleksyon isang araw matapos ianunsyo mismo ng daddy niya ang sariling intensyon na tumakbo bilang pangulo.

“Dad,” mahinahon niyang saad, “expected mo

naman na tatakbo rin si Senator Manalo, hindi ba? In fact, nauna pa siyang nagpakita ng interes sa pagka-presidente.”

Muli itong nagsimulang maglitanya. Dahil walang kahilig-hilig sa pulitika, pasok sa isang tainga ni Alex at labas sa kabila ang mga sinasabi ng daddy niya. Mahal na mahal niya ito. Mabuti itong ama at mabuting tao. Noong namatay ang kanyang mommy, nagpasya si Atty. Ferrer na tumakbo sa pulitika para mabago ang mundo. Nang manalo ito bilang senador, mabilis nitong nilabanan ang graft and corruption, at gumawa ng mga batas para sa ikabubuti ng marami, lalo na ng mga kabataan. Walang bahid ang record nito sa pulitika at ni minsan hindi naringgan ng mga bulung-bulungan na nangurakot ito o tumanggap ng lagay. Kung wala nga lang itong malaking galit kay Senator Manalo, iisipin ni Alex na santo ang kanyang ama.

Hindi niya maintindihan kung bakit galit na galit ito sa senadora gayong mabuting tao rin ang babae. Wala ring pangit sa record nito at alam niyang masipag din sa trabaho nito si Senator Manalo. Iyon nga lang ang ipinagtataka niya—hindi talaga nito makasundo ang kanyang ama.

Marahang ngumuya ng toasted bread ang dalaga

habang hinahayaang maubusan ng sasabihin ang daddy niya. Kunsabagay, wala siyang problema sa senadora. Ang problema niya ay ang anak nitong si Robinson Manalo.

Magkaklase silang dalawa noong kolehiyo at pareho pa ang kinuha nilang kurso. Hindi niya alam kung dahil ba sa kanilang mga magulang kung bakit naging ganoon na lang ang kompetensya sa pagitan nila ni Rob. Isa pa't napakayabang ng gago. Akala yata nito kung sinong guwapo kung makaasta.

Ang gusto ni Alex sa mga lalaki ay ang tall, dark and handsome. At kahit matangkad si Robinson, at guwapo raw sabi ng karamihan, mestisuhin ito at palpak kaagad sa kanyang panlasa. Gusto niya ang matipuno ang katawan. Si Rob naman ay patpatin. At gusto niya ay mabait, hindi antipatiko. At iyon na yata ang nag-iisang salita sa swak na swak sa lalaki, an-ti-pa-ti-ko.

Kahit matagal na panahon na, iniinda pa rin niya nang minsang marinig ang lalaking kausap ang mga kabarkada sa library. Hindi naman niya sinasadya iyon dahil nagkataong malapit sa mesa ng mga ito ang estante kung nasaan ang librong kailangan niya. Hindi nga niya namalayang nandoon ang binata kung hindi pa niya narinig ang pangalan niya mula rito.

Patungkol ang pag-uusap ng mga ito sa nalalapit na nilang pagtatapos, at kinantyawanan ng barkada si Robinson tungkol sa posibleng status nitong *magna cum laude* na mas mababa sa halos sigurado nang *summa cum laude* status ni Alex.

“Matatalo talaga ako n’un!” saad ng binata. “Sino naman ang makakatalo sa nerd? Wala ngang panahon mag-ayos ‘yun! Puro pag-aaral ang inaatupag niya kaya tingnan n’yo, walang social life.”

Tumawa ang mga kabarkada nito. “Sus!” tukso ng isa sa mga ito. “Ayaw mo pang aminin, crush mo ‘yun, eh!”

Robinson snorted. “Crush? ‘Yung manang na ‘yun? Hindi naman marunong mag-ayos! Ni hindi nga yata nagsusuklay. Ang kapal pa ng salamin! Bulag na yata siya. Saka ayoko d’on, walang boobs!”

Muling nagkatawanan ang mga lalaki.

Gusto niyang pukulin ng libro ang binata noon pero dahil sa makapal na hardbound ang dala niyang aklat, naisip niyang baka maospital ito at makasuhan siya at hindi maka-graduate. Mabilis siyang lumabas ng library at nagtungo sa CR para makapagtago. Masamang-masama ang loob niya.

Alam niyang hindi siya kagandahan, pero alam

niyang maayos naman ang hitsura niya. Simple lang siyang babae at ang pinakamaganda niyang katangian ay ang kanyang mga matang may pagkachinita. Mahaba ang buhok ni Alex na laging nakaponytail o kaya ay iniikot na lang niya at sinasaksakan ng ballpen o chopstick, kahit pa barbecue stick, para hindi mahulog. Lagi rin siyang walang makeup at kadalasang nakasuot lang ng jeans at simpleng blusa kapag papasok sa paaralan. Humarap siya sa salamin at pinagmasdan ang namumutlang mukha at ang mga matang lumalangoy sa luha. Inalis niya ang salamin sa mata. Kinailangan niyang mag-squint para maaninag ang sarili at lalo siyang nainis. Kasalanan ba niyang malabo ang mga mata niya?

Oo nga at hindi siya mananalò ng beauty contest kung sa hitsura lang ang pag-uusapan, pero matalino siya at mabait. At hindi siya pangit! Ang hinayupak na iyon pa lang ang nakapagsabi na hindi siya marunong mag-ayos. Kung makapagsalita naman ang bangus, para siyang ubod ng pangit!

Hindi niya alam pero nasaktan siya sa sinabi ni Rob. Pagkatapos ng klase nang hapon iyon ay nagpasama siya sa best friend na si Darla na magpunta sa salon at mag-shopping. At dahil fashionista ang kaibigan, halos mahimatay ito sa tuwa nang sabihin niyang gusto na niyang magbago ng image. Nang

makalabas sa salon, hanggang balik na ang buhok niyang layered cut ang style at may highlights pa. Nakapagpa-manicure at pedicure na rin siya. Matapos niyon ay nagpa-facial pa siya hanggang sa mamula-mula at fresh na fresh na ang kutis niya.

Nagtungo rin siya sa optical shop at nagpasukat ng contact lenses. Medyo naluha-luha siya noong una niyang sinuot ang mga iyon, pero dahil pursigidong ibasura na ang salamin, lumabas ng shop si Alex na suot na ang mga contacts.

Sa mall, nakabili siya ng mga palda, blusa, handbags at sapatos na matataas ang takong. Bumili rin siya ng makeup at isang katutak na accessories. At nang makauwi ng bahay, ibinalot niya ang halos lahat ng laman ng kanyang aparador at ini-donate sa charity.

Nang Lunes na iyon, ibang Alexandria Ferrer ang nabungaran sa *Ateneo de Manila University*. Ano naman kung nagkapaltos-paltos ang paa niya noong weekend sa kaka-practice gamitin ang mga high-heeled sandals? Nagustuhan niya ang bago niyang hitsura. Naging napaka-confident niya sa sarili. At nang makitang halos lumuwa ang mga mata ni Robinson nang makasalubong siya, she congratulated herself for a job well done in changing her image.

Score one for her.

Gusto sana niyang komprontahin ang lalaki kaya lang ayaw niyang magpakababa para rito. At lalo pa siyang naging mas competitive kaysa noong una, at sa huli, gigil na gigil siya dahil pareho silang nagtapos na *magna cum laude*.

Ang pakonsuwelo na lang, at least, nalamangan pa rin niya ito dahil napapansin niyang lagi siya nitong sinisipat.

“Nakikinig ka ba sa mga sinasabi ko?” untag ng daddy ni Alex at awtomatikong tumango ang dalaga kahit wala siya ni isang naintindihan sa mga huling sinabi nito.

“Hayaan mo na, Dad,” sabi niya. “Kumain ka na, ‘tapos pumunta ka na sa office. I’m sure kailangan ng staff mo ng statement mo tungkol diyan.” Tinaasan niya ng isang daliri ang ama. “Be diplomatic! Nakakahiya kung iko-quote ka na naman nila na sinabi mong walang alam sa pulitika si Senator Manalo.”

“O, eh, wala naman talaga.”

Tumawa siya at tumayo bago ginawaran ng halik sa tuktok ng ulo ang ama at niyakap. “I love you, Daddy. Pero minsan, you should just keep your mouth

shut.” Muli niya itong hinalikan, this time sa pisngi.

Hinawakan nito ang mga kamay niya at bumuntong-hininga. “Ano na lang ang gagawin ko this weekend habang naglalamilyerda ka sa Sagada?”

Ngumisi siya. “Mag-re-relax ka at hindi ka mag-aalala. At, Dad, kapag nalaman kong may pinadala kang bodyguard o espiya sa Sagada, I assure you, lagot ka sa ‘kin sa Monday.”

Hindi sa kailangan niya ng bodyguard. Ni minsan hindi pa nalagay sa panganib ang buhay niya. Pero minsan, lalo na’t out-of-town trip, mas gusto ng ama na may kasama siya. Ito ngang three day-trip niya sa Sagada na siya lang mag-isa, ilang buwan pa niyang ipinaglaban sa matanda.

“Okay, hindi na,” nakangiti na rin si Senator Ted. “Basta keep your cell phone open at tatawag ka sa ‘kin every twelve hours.”

“Yes, Daddy,” sagot niya. “Pasok ka na sa office. I’ll see you on Monday.”

“Wala ka bang pasok?” tanong ni Robinson Manalo sa nakababatang kapatid na si Rianne habang nakahiga ito sa kama niya at binubuklat ang isa sa

kanyang mga sketchbooks.

“Wala, Kuya,” sagot nito habang sinisipat ang isang larawang nang nakaraang gabi lang niya natapos iguhit.

Nakaupo siya sa kanyang mesa at iniipon ang mga pencil sketches na gusto niyang isama sa susunod niyang show. Nagkataon kasing magaling siyang gumuhit at marunong kumuha ng mga larawan. Laking disappointment ng art teacher at mentor niya noong high school nang magpasya siyang hindi Fine Arts ang kunin sa kolehiyo. Sa isip ni Rob, mailalagay sa kahon ang alam niyang sining kung pag-aaralan niya ang mga estilo at kung anu-ano pa. Mas gusto niya ang gumuhit, magpinta, at kumuha ng larawan na wala siyang formal training.

“Kuya, isama mo itong isang ito!” udyok ni Rianne bago ipakita sa kanya ang napiling drawing.

Rough sketch pa lang talaga ang larawan na iyon ng *Banaue Rice Terraces*. Hindi pa nga niya binubura ang mga linyang nagsilbing base ng drawing. Hindi pa ito malinis. Iniisip kasi niyang imbis na pencil sketch, gagamitan niya ng watercolors ang naturang larawan. Pero para roon, kailangan niya ng inspirasyon.

“Gusto kong i-paint ‘yan,” sabi niya.

“Talaga?” Muli nitong pinag-aralan ang larawan. “Oo nga, para mas malakas ang dating. I’m sure magiging maganda na naman ‘yun.”

Ngumisi siya at nilapitan ang kapatid. Ginulo niya ang buhok nito bago ito inakbayan. Sampung taon ang tanda niya kay Rianne pero kahit malaki ang agwat nila sa edad, naging napaka-close nila sa isa’t isa. Siya na kasi ang kinalakihan nitong ama. Nabaril at napatay sa isang bank robbery ang kanilang ama noong baby pa si Rianne at habang laging nandoon ang kanilang ina, kailangan din ng bata ng father figure kaya si Rob na ang umako niyon. Kahit ngayong fourteen na ang dalagita, bine-baby pa rin niya ito. “Ikaw talaga ang number one fan ko,” aniya.

Yumakap ito sa baywang niya. “Oo naman, which means, isasama mo ako sa Sagada, di ba?”

Tumawa siya at muling ginulo ang buhok ng kapatid. “You wish!” sabi niya bago muling tumayo at tinungo ang aparador.

“Kuya, torture kasi ang iwan mo ako dito this weekend!” reklamo nito na madramang humiga sa kama niya. “Alam mo namang mainit ang ulo ni Mommy ngayon dahil naunahan siyang mag-announce ng intensyong tumakbo ni Senator Ferrer.”

Rob rolled his eyes. Mula yata nang mamulat siya sa pulitika, pulos reklamo na lang kay Senator Ferrer ang narinig niya mula sa kanyang ina. Kapag may proyekto ang senador, dapat mayroon din ang mommy niya. Kapag nag-donate ng pera sa mga nasalanta ng sakuna ang senador, dapat mas malaki ang i-donate ni Senator Manalo. Siguro kung mangurakot ang kasamahang public official, mas malaki ang kukurakutin ng mommy niya para lang matalo pa rin nito ang lalaki.

Hindi niya maintindihan kung bakit mortal na magkaaway ang dalawa hanggang sa makilala niya ang anak ni Senator Ferrer na kung tawagin niya ay si ‘Manang Alex’. Napaka-competitive ng old-fashioned na manang na iyon. Lahat na lang yata ng gusto niyang gawin, gusto siyang ungusan ng babae. Buti na nga lang at marunong siyang gumuhit at walang talento sa larangan na iyon ang loka-loka.

Halos tatlong taon na noong magtapos sila sa kolehiyo, pero hindi pa rin niya malimutan ang unang beses na marinig niya ang losyang na kausap ang best friend nito.

“Pogi? Si Robinson Manalo?” sabi ng dalaga. *“Pogi ba ‘yun? Kulay bangus! Saka sigurado akong nandito lang ‘yan dahil marunong mag-dribble ng bola. Pang-*

porma lang ‘yan ng Ateneo sa UAAP. Kung hindi, hindi ‘yan matatanggap dito, ano!’

Aba’t sinong kulay bangus? At porque naglaro siya ng basketball, ibig na bang sabihin ay walang laman ang utak niya? Natural kaya siyang matalino! Kaya mula noon, minabuti niyang kalabanin na rin ang babae sa sarili nitong laro. Lagi silang nagbabangayan, pero expected na iyon ng mga kaklase nila—hindi naman sekreto na hindi rin magkasundo ang kanilang mga magulang. Ayun nga at inis na inis pa rin siya na patas silang nagtapos na *magna cum laude* noong kolehiyo. Kung nag-*summa cum laude* lang sana siya....

“Hayaan mo na muna si Mommy. Alam mo naman ‘yun. Basta nakareklamo na, huhupa na iyon,” paalala niya. Pero buti nga at wala siya sa bahay ng weekend na iyon. Sasama siya sa isang trip patungo sa Sagada, Mountain Province, kung saan kukuha siya ng inspirasyon para sa mga paintings niya. “Kung hindi mo na kaya, i-text mo lang ako. Tatawag ako para makalimutan niya ang mga nirereklamo niya.”

Lumabi si Rianne. “Basta, Kuya, promise mo, sa susunod na aalis ka, isasama mo na ako, ha!”

Ngumiti ang binata. “Oo naman! Basta ba pagbalik ko next week, wala ka pa ding boyfriend.”

Tumawa na ito at nilapitan ang kuya para tulungan siyang mag-empake. “Ay naku! Kung wala rin lang katulad ng Kuya Rob ko, hindi na lang ako mag-bo-boyfriend, ‘no!’”

“Aba, huwag naman!” biro niya habang namimili ng mga babauning t-shirts. “Tatanda kang dalaga niyan dahil wala ka nang makikitang katulad ko!”

Humahalakhak na binato siya ng pantalon ng kapatid. Nakangiting sinalo iyon ni Rob at itinupi bago isinilid sa backpack. *Kita mo na, Manang Alex?* sabi niya sa isip. *Perfect boyfriend kaya ako. Sorry ka na lang, hindi ikaw ang type ko.*

2

Alas ocho ng gabi ang alis ng grupong sinalihan ni Alex papuntang Sagada. Noon pa niya gustong makapunta doon, pero wala siyang alam tungkol sa lugar na iyon sa Mountain Province. Hindi naman ganoon kalakas ang loob niyang bigla na lang sasakay ng bus papunta sa lugar na hindi siya pamilyar. Naghanap siya sa Internet ng mga grupong nag-o-organize ng mga tours na ganito. Base na rin sa rekomendasyon ng ilang mga kaibigan, napili niya ang maliit na kompanyang *Travel Pilipinas* ang pangalan na pag-aari ng isang dating kaklase noong kolehiyo. Ayon sa travel agent na nakausap niya, sampung katao ang kasama sa trip na papuntang Sagada at pawang mga mag-asawa. Ito na rin daw ang mag-a-assign sa kanya ng makakasama niya sa silid pagdating doon.

Alas seis y media nang dumating sa istasyon ng bus si Alex para siguradong mahahanap niya nang maaga ang mga makakasama sa trip. Kailangan daw niyang hanapin si Jodie na siyang mamamahala sa mga sasama sa biyahe. Madali naman niyang nahanap ang grupo dahil nakatayo sa harapan nito ang isang babaeng nakasuot ng t-shirt na may malaking logo ng *Travel Pilipinas*. Lumapit siya rito at nagpakilala.

“Hi!” bati nito bago nilagyan ng check ang tabi ng pangalan niya sa dala nitong clipboard. Inabutan din siya nito ng isang paperbag na may logo rin ng kompanya na naglalaman ng t-shirt na katulad ng suot ni Jodie, at ID na kailangan nilang suotin habang nasa tour. Isinuot niya ang ID at inaliw ang sarili sa pamamagitan ng pag-te-text sa daddy niya at sa best friend na si Darla hanggang sa tawagin silang muli ni Jodie.

“Actually, halos kompleto naman na tayo,” sabi nito habang binibilang ang mga nakaupong participants may suot nang ID ng *Travel Pilipinas*. “P’wede na kayong umakyat sa bus. Ako na lang ang maghihintay d’un sa ibang kasama natin na hindi pa dumarating.”

Sumunod si Alex sa isang mag-asawang may edad na. Naupo siya sa window seat sa tapat ng mga ito. Nang mapansin siya ng ginang, ngumiti ito sa kanya. “Hello! Kasama ka namin sa Sagada trip?”

“Opo,” sagot niya.

Iniabot ng babae ang kamay nito sa kanya. “Ako si Essie Santiago. Ito naman ang asawa ko, si Fred.” Binati rin siya ng matandang lalaki at inabot niya ang kamay rito.

“Alex po. Alex Ferrer.”

“Alam mo,” sabi ni Essie habang pinagmamasdan siya. “Pamilyar ang mukha mo. Celebrity ka ba?”

Tumatawang siniko ito ng asawa. “Ikaw talaga, Esmeralda! Hayaan mo nga ‘yung bata!” Hinarap nito si Alex. “Pasensya ka na sa asawa ko. Medyo tsismosa kasi yan.”

“Kow! Eh sa nagagandahan ako kay Alex,” sabat naman ng babae. Naupo ito matapos maayos sa ilalim ng upuan ang bag. “Sino’ng kasama mo?”

“Ako lang po mag-isa,” sagot niya. Sa totoo lang, natutuwa siya sa dalawa. Mayroong mga tao kasing mabilis siyang mainis tulad na lang ni Robinson Manalo, pero magaan ang loob niya kina Essie at Fred. Parang masarap maging magulang ang mga ito.

“Ah, mabuti na ‘yung sumama ka sa tour na ganito kesa ‘yung mag-isa ka lang pupunta sa Sagada. Mahirap kasi na ikaw lang.” Naglabas ng rosaryo si Essie. “Sige na. Magpahinga ka na, hija. Magdadasal muna ako nang makarating tayo nang matiwasay roon.”

Ngumiti siya. “Sige po.” Isiniksik niya ang backpack sa ilalim ng upuan at kinuha lamang ang maliit na bag na naglalaman ng *iPod*, cell phone at

wallet. Tiningnan niya ang relo; ilang minuto pa bago mag-alas-ochong. Siguro ang partner na lang niya ang hinihintay. Tumayo siya nang bahagya para abutin ang air-con at ilayo ang ihip ng hangin sa kanya pero hindi niya maigalaw ang vent. Nanatiling bumubuga ito ng malamig na hangin na derecho sa noo niya. Bumuntong-hininga na lang siya. Maganda na kasi ang puwesto niya sa bus. Ayaw na niyang lumipat pa nang dahil lang sa sirang air-con. Titiisin na lang niya ang lamig, tutal may hood naman ang suot niyang jacket.

Inilagay ni Alex ang earphones ng *iPod* sa tainga bago itinaas ang hood ng jacket para takpan ang mukha niya. Malamlam na music ang tumugtog mula sa music player. Humugot siya ng malalim na hininga bago mabagal na pinakawalan iyon. Tatlong araw siyang wala sa Maynila upang magbakasyon. Sisiguruhin niyang mag-e-enjoy siya sa trip.

Muntik nang ma-late si Rob. Siya na lang ang hinihintay nang dumating siya isang minuto bago mag-alas-ochong. Na-traffic kasi pabalik ng bahay ang driver nila kaya nahuli ng uwi ang kanyang mommy. Ayun, inabot pa siya nang siyam-siyam sa mga paalala nito.

Minsan, nalilimutan ng mommy niya na twenty-four na siya at hindi na bata. Sa mundo kasi nito, inosenteng bata pa rin siya.

Nang magpakilala siya kay Jodie, nilagyan nito ng check ang pangalan niya at binigyan siya ng isang paperbag. Baon siguro pero hindi na niya iyon tiningnan dahil pinaakyat na siya nito sa chartered bus na sasakyan nila patungong Sagada. May isa na lang na bakanteng silya sa bandang unahan ng bus, at doon siya pinaupo ni Jodie para raw hindi siya mahiwalay sa grupo.

Babae ang katabi niya. Nakasuot ito ng itim na jacket na nakatakip sa mukha ang hood. Nakasukbit sa isang pupulsihan nito ang strap ng isang maliit na bag, at kita niya ang puting cable na sa tantya niya ay cable ng earphones ng MP3 player. For some reason, pamilyar ang hitsura ng babae. Hindi nga lang niya masabi kung bakit. At lalo pang nadagdagan ang suspetsa niyang iyon nang maupo siya at naamoy ang pamilyar na pabango nito. Parang kilala niya ang samyo niyon!

Nagsimulang umandar ang bus. Binale-wala na lamang ni Rob ang naamoy na pabango. Isiniksik niya ang kanyang backpack sa ilalim ng upuan bago kinuha ang sariling *iPod* at ipinasak ang earphones

niyon sa tainga niya.

Buong gabi silang bibiyahe at malamang umaga na sila dadating sa Sagada. May ilang stopovers sila bago makarating sa destinasyon, pero matagal-tagal din ang biyahe nila. Mas mabuti nang subukan niyang makatulog habang maaga pa.

Inangat na rin ni Rob ang hood ng jacket at pumikit. Ilang sandali pa, tulog na rin siya.

Nagising si Alex nang maramdamang may umakbay sa kanya. Ilang segundo rin siyang na-disorient bago naalalang papunta nga pala siya sa Sagada. Muli siyang pumikit at halos hilahin na siyang muli ng antok nang maalalang mag-isa lang siyang bumiyahe. Sino ang taong ito na sinasandalan niyang nakayakap pa sa kanya?

Napabalikwas siya at halos idikit niya ang buong katawan sa bintana ng bus. Sa ginawa niya, naistorbo ang katabi niya at nahulog ang hood ng jacket nito. Tamang-tama naman na nagmulat ng mga mata ang lalaking pinakahuli niyang gustong makatabi sa bus sa isang biyahe na aabutin ng halos labing-apat na oras.

Kumurap ang binata at akmang kukusutin ang

isang mata nang mapagsino ang katabi. Namilog ang mga mata nito.

Sabay silang nagsalita, “What the hell are you doing here?”

Mabilis silang nilingon ni Jodie na nakaupo sa harapan nila kasama ang boyfriend nito.

Si Robinson ang unang nagsalita. “Jodie!” tawag nito. “P’wede bang malaman kung sino ang partner ko sa biyahe? Nagkamali yata kasi ako ng upuan.”

“Oo nga, Jodie,” halos desperadong sabi ni Alex. “Mali nga yata ang inupuan ni Mr. Manalo.”

Kinuha ng babae ang file folder nito mula sa bag at kinuha ang listahan ng mga taong nakapirma para sumama sa biyahe. Sandali nitong binasa iyon bago namilog ang mga mata at mabilis na tiningnan silang dalawa. “Oh, my God, I am so sorry,” sabi nito. “Aayusin ko muna ito.” Mabilis na kinuha ng babae ang cell phone nito at nag-dial doon.

“Sorry?” tanong niya. “Anong sorry?”

“Will you be quiet!” singhal ni Rob.

“Don’t you tell me to be quiet!” balik niya. May sasabihin pa sana siya pero nagsimulang magsalita si Jodie.

“Hello, Krista?” sabi nito sa telepono. Si Krista ang boss nito na siyang kaklase nina Alex at Rob noong kolehiyo. “I’m sorry to be calling you at this hour. We have a situation here. Papunta na kaming Sagada and I’m really, really sorry. Kasama ko ‘yung mga classmates mo, ‘yung mga VIP. I have a *Mr.* Alex Ferrer listed here, instead of a *Miss* Ferrer. Kaya tumanggap pa ‘yung agent ng isang pang lalaki sa booking imbis na babae.”

“What!” bulahaw ni Alex mula sa likod. *Mister* Alex Ferrer? *Mister*?

“Yes,” patuloy ni Jodie. “Sila ang mag-roommates ngayon ni Mr. Manalo.”

Pabulong na napamura si Rob.

“Don’t you use that word in front of me!”

Inirapan siya nito. “For your information, wala ako sa harap mo. Nasa tabi mo ako,” papilosopo nitong tugon.

“Antipatiko ka talaga.”

Pinakitaan ng ngipin ni Rob ang katabi. “Matagal na.” Kinalabit nito si Jodie. “I need to talk to Krista.” Nang iabot nito sa binata ang telepono, kaagad nitong kinausap ang dating kaklase. “Krista, sabihin

mo sa 'king hindi set-up ito, kung di'y makakatikim ng napakapangit na mga salita ang kompanya mo."

"Rob, I'm really sorry, I don't know what to say!" sabi ni Krista mula sa kabilang linya pero kay Rob, para namang hindi ito sorry. "Ganito na lang. We'll ask for an extra room pagdating n'yo sa Sagada. On top of that, we'll give you a refund."

"Refund?" Sinulyapan pa nito si Alex na nakakunot ang noo at pinapanood ito. "I'm not sure kung tama na 'yung refund. Kailangan mo yata akong bayaran nang doble dahil gusto mong fourteen hours ako sa bus katabi ng babaeng 'to."

"Aba't...!" himutok niya. "Sa tingin mo gusto kong katabi ka, impakto ka?"

Hindi siya pinansin ni Rob.

"Rob, my God! Hindi pa ba kayo over sa isa't isa? Matagal na tayong nag-graduate, ah," tawa ni Krista. "I swear kami ang pinagpapawisan sa sexual tension kapag magkasama kayo ni Alex, eh."

"Pagpapawisan ka talaga kapag nilugi ko ang negosyo mo," banta ng binata na hindi naman ikinatakot ng kausap. Tumawa pa ito dahil alam nitong hinding-hindi iyon magagawa ni Rob.

“I miss you, Robinson. And I wish I was there to see it. Now, be a good boy and let me talk to Alex.”

Walang sabi-sabing iniabot nito ang telepono kay Alex na mabilis ding nagsalita. “I hate you, Krista. Alam ba ng ibang customers mo kung gaano kapangit ang service n’yo?”

Muling tumawa ang babae na para bang hindi siya sineseryoso nito. “Ngayon lang nangyari ito, Lex, I swear! Ngayon, sabi ko nga kay Rob, I’m going to give you guys a full refund ‘tapos papaayos ko na rin kay Jodie ang sleeping arrangements n’yo pagdating n’yo ng Sagada.”

“Dapat lang dahil hindi ako matutulog sa isang kuwarta kasama ang damuhong ‘to.”

“Hoy!” sabat ni Rob. “Kung sa tingin mo pagtatangkaan kita—“

Tinalikuran niya ito.

“Sweetie,” sabi ni Krista, “matagal na tayong nag-graduate. Dapat nakalimutan n’yo na ang alitan n’yo. Now, I’m really very sorry about the mix-up. Kakausapin ko ang travel agent n’yo bukas. In the meantime, just enjoy the trip. We’ll see what we can do when you get there.”

“Krista, it’s only ten o’clock. Sampung oras ko pa kasama ang bangus na ‘yan sa bus na ‘to.”

“May pangalan ako,” gigil na giit ng binata mula sa likuran niya.

“You just have to man up, Alex!” masayahing sagot ni Krista. “Kung gusto mo, talikuran mo na lang ang guwapo kong kaibigan and ignore him.”

“Yun mismo ang gagawin ko,” nagnangalit ang mga ngiping sagot niya.

“Enjoy Sagada, sweetie! Now, I need to talk to Jodie. Take care!”

Halos pabalang na ibinalik niya kay Jodie ang telepono at pabagsak na sumandal sa kanyang upuan. Madilim ang mukha niya at hindi niya makuhang harapin ang katabi, pero ramdam na ramdam niya ang presence nito. Halos nararamdaman niya ang init ng braso nito na isang pulgada lang ang layo sa kanyang braso.

In fairness, patpatin ito noong college pero base sa tigas ng dibdib nito kaninang naalimpungan siya, mukhang nagka-muscle na rin ang damuho. Nakikita niya ito sa TV at sa ibang mga political functions kung saan siya ang date ng kanyang ama at ito naman ang date ng ina nito. Pero gaya ng kanilang mga

magulang, kulang na lang ay lisanin nila ang silid pag nakita na nila ang isa't isa. Kaya hindi rin niya namalayan ang mga pagbabago nito. Parang mas gumuwapo nga si Robinson. Naiba na ang hairstyle nito na dati ay laging naka-gel. Maganda ang gupit ng maiksi nitong buhok. Ang hindi lang nagbago rito ay ang amoy nito. Amoy malinis pa rin na pinaghalong sabon at isang cologne na panlalaki.

Hindi rin naalis ang pagiging antipatiko nito.

At ngayon, fourteen hours niya itong kasama sa bus papuntang Sagada, at kasama niya sa bawat minuto ng tatlong araw at dalawang gabi bago siya umuwing muli ng Maynila. Dalawang oras pa lang ang sana ay dream trip niya, gusto na niyang umuwi.

3

Parang puno ng buhangin ang pakiramdam ng mga mata ni Rob. Hindi yata siya nakatulog sa buong biyahe maliban sa halos dalawang oras lang na idlip mula istasyon ng bus hanggang sa magising siya nang sikuhin siya ni Manang Alex. Matapos niyon, ingat na ingat na siyang mapikit dahil baka makatulog siya at makita na lang ang sariling nakasandal na naman sa babae at nakaakbay pa.

Mabilis siyang bumaba ng bus nang makarating sila sa unang stopover para lang makalayo sa mabangong amoy ng babae. Kaya pala pamilyar ito sa kanya. Hindi nagpalit ng pabango ang manang mula noong college. Nainis naman siya sa sarili dahil matapos ang ilang taon, naaalala pa rin niya ang amoy ng dalaga. At ang buwisit, nakasandal sa bintana at ang sarap ng tulog habang siya ay bagot na bagot at gising sa tabi nito. Gusto niya itong yugyugin at istorbohin para lang mang-asar.

Hindi pa rin ito natinag kahit pa huminto ang bus sa ikalawang stopover. Muli siyang bumaba para bumili ng kape.

Gumising lang ang dalaga nang magsimula nang

lumiwanag ang langit. At habang pakiramdam ni Rob ay bilasa na siyang isda, mukhang fresh na fresh pa rin ang manang.

Sa totoo lang, pumayat ito at mas sumeksi. Mas mahaba na rin ang buhok nito kaysa sa naaalala niya noong nasa kolehiyo pa sila. Ang unang beses niya itong makita at makilala habang baduy na nerd pa ito, at ang unang beses niya itong nakita na nakaayos ang pinaka-powerful memories ni Rob sa dalaga. Sa totoo lang, hindi naman kailangang mag-makeup ni Alex. Maganda naman ito kahit paano. Lalong maganda ang mga mata nito. Medyo naasiwa nga siya noong nakita niyang nakatodo porma ang dalaga. Mas gusto pala niyang manang ito na simple lang.

Pero hindi ibig sabihin niyon na may gusto siya sa babae.

Hindi siya pinansin ni Alex at hindi rin naman niya ito kinibo. Nakikinig pa rin siya sa *iPod* kaya walang dahilan na kausapin niya ito.

Nang makarating sila sa Banaue Viewing Deck ng alas siete ng umaga, walang sabi-sabing bumaba si Rob ng bus dala ang kanyang DLSR camera. Kukuha siya ng ilang mga larawan ng rice terraces doon. Buti na iyon kaysa mainis lang siya sa katabi sa bus.

Dahil pawang mag-asawa ang mga kasama sa biyahe nila, walang nagawa si Alex kundi tumabi kay Rob nang mag-almusal sila sa isang kainan sa Bontoc. Masakit na ang puwet niya, pakiramdam niya ay lantang gulay na siya, at parang sasabog na ang kanyang dibdib kapag hindi siya malayo kay Robinson. Twelve hours and thirty minutes na niya itong kasama at malapit na siyang ma-overdose. Ngayon naman magkasama pa sila sa isang mesa habang kumakain.

Dahil wala siya sa mood na magsalita, sinasagot lang niya ang mga tanong sa kanya ng mga kasama. Si Rob naman ay naging social butterfly na tila emcee ng isang pistahan. Naglagay siya ng isang malaking subo ng fried rice sa bibig para hindi siya kausapin ng mga kasama sa mesa habang ang mahaderong unggoy naman ay first name basis na ang pagtawag sa ibang mga kasama sa biyahe.

Hanggang sa makarating sila—awa ng Diyos, at last!—ng Sagada pasado alas diez ng umaga, kakuwentuhan na nito ang ilang mga kasama nila sa bus. Gusto na niyang tapakan ang paa ng binata para lang matahimik ito, pero nanaig ang magandang asal na natutunan niya mula pa noong nursery siya.

Pero muntik nang mawala ang lahat ng natutunan niyang good manners and right conduct nang makarating sila sa tutuluyan nilang inn nang malamang walang bakanteng silid doon.

Halos umusok ang ilong ni Alex at sigurado niyang naging pula ang mga mata niya sa galit. “I’m sorry,” pigil ang pangininginig niyang sabi kay Jodie nang ianunsyo nito ang ‘magandang balita’ sa kanilang dalawa ni Rob. “Pero ang sabi sa ‘kin ay p’wede akong lumipat ng kuwarto pagdating ko dito.”

“I’m really sorry, Miss Ferrer,” bakas ang sinseridad sa mukha ng babae, “pero wala palang available na kuwarto. Hindi ko naman mai-advise na mag-stay ka o si Mr. Manalo sa ibang lugar kasi inconvenient iyon hindi lang sa inyo kundi pati sa iba pang kasama sa tour.”

“Inconvenient? Isipin mo ngang tatlong araw kaming magkasama nito!” turo niya kay Rob.

“Alam mo—” simula ng binata.

“Hindi ikaw ang kausap ko.”

“Will you listen?” muling sabat nito at lalong nagpainit sa kanyang bumbunan ang tila natatawang tono nito. Mabagal niya itong hinarap at namaywang siya. Nagtaas ng dalawang kamay si Rob na tila ba

sumusuko sa kalaban.

“Look, ayokong sayangin ‘yung dalawang oras na free time natin na nag-aaway tayong dalawa. Hindi mo naman siguro ako momolestyahan—”

“Baka matetano pa ako.”

“At dahil hindi ako mahilig sa maasim, lalong hindi kita pagtatangkaan,” patuloy nito na parang wala siyang sinabi. Gusto niyang hambalusin ng bag ang binata dahil sa pambabale-wala nito. “Pero we can both be adults about this. Kesa naman matulog ka sa lobby, mas mabuti na ‘yung mag-stay na lang tayo sa isang kuwarto.”

“At bakit ako ang matutulog sa lobby, aber?”

Bumuntong-hininga ito at mabagal na nagsalita; para bang batang may problema sa pag-iisip ang kausap. “Dahil *ikaw* ang may problema sa sleeping arrangements natin. Okay lang sa ‘kin na sa isang kuwarto lang tayo. Kung ayaw mo, ikaw ang matulog dito sa lobby.” Tumungo ito para kunin ang backpack at isinukbit iyon sa isang balikat bago hinarap si Jodie. “Akin na ‘yung susi.”

Iniabot iyon ng babae kay Rob. Sinulyapan siyang muli ng binata bago nito inabot ang backpack niya. Mabilis niyang inilayo iyon. “Hindi ko kailangan ng

tulong mo.”

Nagkibit-balikat ito. “Suit yourself,” sabi nito bago nagsimulang maglakad.

May dalawang oras silang free time bago mananghalian. Sinusian ni Rob ang pinto ng magiging silid nila ni Alex. Hindi siya makapaniwala na pumayag ang dating kaklase na matulog kasama niya sa iisang silid. At lalong hindi siya makapaniwala na pumayag din siya. Kinumbinsi na lang niya ang sarili na practical lamang iyon kaysa may humiwalay pa sa kanila ng tutuluyan. At alam niyang siya iyon. Dahil kahit ano pa man siya sa paningin ng dalaga, pinalaki naman siya nang tama ng mommy niya, at hindi siya papayag na si Alex pa ang mahiwalay o ang matulog sa lobby. Masyado siyang gentleman para hayaan iyon.

Binuksan niya ang pinto at pinauna ang babae. Nangiti siya nang ingat na ingat itong hindi magdikit ang kanilang mga katawan nang dumaan ito sa tabi niya. Tinungo nito ang kamang malapit sa bintana at ibinaba roon ang bag. Nilapitan naman niya ang kamang malapit sa banyo. Buti na lang kahit paano, may sariling banyo ang silid nila.

“Kung gusto mong mag-shower, mauna ka na sa banyo,” alok niya.

“Mauna ka na,” sagot ng babaeng hindi man lang siya tinitingnan.

Muli, nagkibit-balikat siya. Tahimik nilang inayos ang mga gamit nila at nauna na nga siyang nagtungo sa banyo para mag-shower. Nagpakawala siya ng malalim na buntong-hininga nang bumuhos ang mainit na tubig sa katawan niya. Mabagal siyang nag-shampoo at nagsabon habang ninanamnam ang init ng tubig. Pakiramdam kasi ni Rob ay ang baho niya dahil sa matagal na biyahe.

Biglang napakunot ang noo niya. Balak niyang mag-enjoy sa Sagada at makakuha ng inspirasyon sa bakasyon. Hindi niya inaasahang makakasabay si Alexandria sa lakad na iyon, at ngayon, roommate pa niya! Paano niya ma-e-enjoy ang tatlong araw kung hindi man lang siya makaka-relax kahit pa sa sarili niyang silid? Pakiramdam kasi niya ay kailangan lagi siyang may handang sarkastikong pang-comeback tuwing makakausap ang dalaga, kung hindi ay makaka-score ito sa kanya.

Isinara niya ang shower at kinuha ang tuwalya para tuyuin ang sarili. Mabilis lumamig ang hangin at pakiramdam niya ay nagiging yelo sa balat niya ang

kanina lang ay halos mag-usok na hot water. Nang ipulupot niya sa baywang ang tuwalya, saka lang niya naisip na kailangan niyang lumabas sa silid para magbihis. At naroon si Alex. Ilang segundo rin niyang pinroblema ang bagay na iyon bago sumungaw ang isang tusong ngiti sa kanyang mga labi.

Naayos na ni Alex ang mga damit na isusuot pagkaligo. May dalawang oras silang free time para makapagpahinga at ang gusto lang niyang gawin ay mag-shower, magsepilyo at mawalan ng malay sa kama. Una para makapagpahinga siya at pangalawa, malimutang kasama niya ng tatlong buong araw at dalawang buong gabi ang anak ng pating na lalaking iyon.

Narinig niyang nagbukas ang pinto ng banyo at naisip na tapos na siguro maligo ang binata, kaya binalingan niya ito.

Alam niyang may tunog na lumabas mula sa kanyang lalamunan, magkahalong malakas na lunok at isang impit na 'eek'. Namilog ang mga mata niya at alam niyang naging kulay kamatis siya.

Nakatayo si Robinson sa pintuan ng banyo na nakasuot lamang ng isang tuwalyang nakabalot

palibot sa balakang nito. Kumikinang pa ang tubig sa hindi pa tuyong dibdib— ang malapad at matipuno nitong dibdib.

Oh, my gulay! Ang ganda ng katawan niya...

Natauhan siya sa naisip at bigla siyang pumihit patalikod dito. “Bastos!” tili niya. “Wala ka bang modo? Hindi mo na inisip na babae ang kasama mo sa kuwarto!” gigil na gigil niyang sumbat habang mariing nakapikit kahit pa nakatalikod na siya sa binata. Pero kahit ano ang gawin niya, nakikita pa rin niya sa kanyang isip ang hubad nitong dibdib.

“Bakit sa tingin mo nagtuwalya pa ako?” rinig na rinig niya ang amusement sa tinig ni Rob. “Kung ako lang ang nandito, malamang hindi na ako nagtuwalya.”

“Bastos!” ulit niya.

“Alex naman,” sabi ng lalaki at narinig niya ang mga yabag nito. Subukan lang talaga nitong lumapit sa kanya, hahambalusin niya ito ng lamparang nakapatong sa side table sa tabi ng kama. “Don’t tell me hindi ka pa nakakakita ng ganito.” Hindi niya napigilan ang pag-tense ng kanyang katawan at siyempre, napansin nito iyon. “Hindi ka pa nga nakakakita ng ganito?” mangha nitong pangungulit.

“Virgin ka pa?”

Muling nag-init ang mukha ni Alex pero hindi lang dahil sa napahiya siya, pero dahil na rin sa muling nag-init ang ulo niya. Pinagtatawanan ba siya nito? Hinablot niya ang mga gamit mula sa kama bago hinarap ang binatang hubad pa rin ang pang-itaas na katawan. Tinapunan niya ito ng matalim na tingin bago nagsabi ng dalawang kataga na kailanman ay hindi pa niya sinasabi sa kahit na sinong nilalang, kahit pa gaano siya kagalit doon. Nakita lang niyang nagtaas ng kilay si Rob bago niya ito nilampasan papunta ng banyo at binalibag ang pinto. Parang lumindol pa yata sa lakas ng pagkakasara niya ng pinto at ang gagong lalaki, narinig pa niyang tumawa.

Namuo ang luha sa kanyang mga mata, hindi dahil nasaktan siya pero dahil sa inis. Gusto niyang sabunutan ang gago, kalmutin, kalbuhin, lahat na. Mabilis pa rin ang pagtaas-baba ng kanyang dibdib dahil hindi pa rin normal ang kanyang paghinga. Mahigpit pa rin ang pagkakahawak niya sa kanyang mga damit at para bang pusa siyang labas ang lahat ng kuko na nakakapit.

Hindi siya iiyak. Kahit ano ang mangyari, hindi siya iiyak.

Mabilis siyang nagtanggap ng damit at pumasok

sa shower. Dahil sa inis na inis pa rin siya at wala namang ibang malabasan ng sama ng loob, hindi niya ginamit ang water heater. Impit siyang napatili sa lamig ng tubig. Mabuti na iyon kaysa naman mapasigaw siya dahil sa gagong roommate.

Nakahiga at mahimbing nang natutulog si Robinson nang lumabas ng banyo si Alex. Nakakumot ito hanggang baywang at nakasuot ng sando na mukhang dating t-shirt pero ginupit lang ang manggas kaya kita ang maskulado nitong mga braso. Medyo nakaangat din ang laylayan niyon kaya kita rin ang flat nitong tiyan.

Tinungo niya ang bahagi ng silid na para sa kanya at isinampay ang basang tuwalya sa likod ng isang upuan, bago naupo sa kama para simulang suklayin ang buhok. Kung siya lang mag-isa sa silid o kaya ay babae rin ang kasama, nakasuot na lamang siya ng tank top at isang pares ng komportableng shorts. Pero dahil nga ang damuhong bastos ang kasama niya, balot na balot siya. Nakasuot siya ng isang sweatshirt sa ibabaw ng tank top at naka-flannel pajama bottoms.

Dahil sa hindi pa rin nababawasan ang pagkainis niya, hindi niya namalayang pinagmamasdan na

pala niya ang nahihimbing na binata. Parang mas tumangkad pa ito kaysa noong nasa kolehiyo sila. Sigurado niyang mas lumaki ang katawan nito. Nag-mature din ang mukha ni Robinson. Ayaw man niyang aminin, kahit sa sariling isipan, pero naging hunk ang binata sa loob ng tatlong taon mula nang mag-graduate sila.

Nang gumapang pababa ang kanyang paningin patungo sa tiyan nito, napaawang ang bibig niya nang mapansin ang manipis na linya ng balahibo mula sa ilalim ng pusod ng binata na bumababa hanggang sa shorts nito. Pabalang siyang nahiga at nagtalukbong kahit basa pa ang buhok niya.